



October 2017
Vol. 1 Issue 3

KABAYAN

Polyetong Pinoy

Makisaya! Eejanaika na!

Toyohashi Matsuri sa kanyang ika-150 taon na pagdiriwang

Nilalaman:

NIJI NO KAKEHASHI	2
TFA Pinoy Talk	3
Inside Story: The Elephant Rope	3
Basic Japanese Lesson	4
Community Board	4
Announcement	4

Sa darating na Oktubre 21 at 22 ay ipagdiriwang ang ika-150 taon ng ee-janaika Movement, na isang festival o matsuri ng Toyohashi. Ito ay lalahukan ng iba't ibang grupo, tulad ng mga empleyado ng Lungsod, mga mag-aaral, mga kasapi ng ibat ibang organization, simpleng mangagawa at mga kabataan mula sa mga lugar dito sa Toyohashi City.

Inaasahan na ang pagdiriwang ngayong taon na ito ay magiging masaya at makulay. Ang mga lalahok ay nakasuot ng espesyal na costume ng Eejanaika, makikita din ang pagsayaw ng lahat ng kasali sa kalsada.

Magkakaroon din ng mga gawain tulad ng pagkolekta ng mga stamps at face paintings. Ang sino mang Makita

na may pinakamagandang face paint ay maaaring mabigyan ng premyo.

Ang pagdiriwang ay gaganapin sa mga lugar gaya ng Toyohashi Station Area, Toyohashi Park area.

Antabayanan ang buong detalye ng masayang festival na ito sa mga anunsiyo sa TV at posters sa mga publikong lugar. Mamimigay din ng mga flyers mula sa City Hall.

Noong mga nakaraang taon ay ay lumahok ang mga Pilipinong naninirahan dito sa lungsod. Pinangunahan ito ng Toyohashi Filipino Association kasama ang kanilang buong kasapi.

Kaya tara na! Makisaya sa Eejanaika.

Points to ponder

“Let us give something to each person we meet: joy, courage, hope, assurance, or philosophy, wisdom, a vision for the future. Let us always give something”

-Daisaku Ikeda-



Ang pamunuan at mga kasapi ng Toyohashi Filipino Association na masayang nakikiisa sa Eejanaika Matsuri Toyohashi.



NIJI NO KAKEHASHI

Pre-school para sa mga dayuhang naninirahan sa Toyohashi

Ito ay isang programang pang national na tinangkilik ng Toyohashi City upang makapag-bigay ng pag-aaral ng Japanese Language, kasama na din dito ang paghahanda para sa mga dayuhan na gustong ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral dito sa bansang Japan at upang hindi mabigla ang mga mag-aaral sa pagkakaiba ng buhay estudyante sa kanilang pinagmulang bansa at buhay estudyante sa bansang Japan.

Ang Niji no kakehashi ay nagsimula noong taong 2009 at ito ay nasa Toyohashi Shi Higashi Iwata. Tinatangkilik nito ang mga bagong dating na estudyante sa edad na 7 taon hanggang 15 taon at ito ay libre. Taon taon ay nagkakaroon halos ng halos 80 estudyante, na ang pinakamarami dito ay ang mga Pilipino.

Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusulat at pagbabasa ng Hiragana at Katakana, basic Japanese, at sinasanay ang mga bata sa kultura at mga pang-araw-araw na gawain sa paaralan na kanilang mararanasan pagpunta nila sa kanilang napiling paaralan. Malaki ang naitutulong nito sa mga estudyante na gustong magpatuloy ng kanilang pag-aaral sa Japan sapagkat natuturuan sila ng tamang pananaw at orientasyon upang mas higit nilang malaman ang buhay estudyante sa bansang Japan at kung paano sila makikitungo sa magiging mga kaklase, bagong mga kaibigan at guro sa paaralan, at pati na din ang mga dapat dalhin at sundin na mga patakaran sa paaralan.

Sa kasalukuyan, ang mga estudyante sa Niji ay galing ng Brazil, Vietnam at Pilipinas, at

ang pinakamarami ay ang mga Pilipino. Ang mga estudyante sa Niji ay mag-aaral sa loob ng dalawang buwan upang maging handa sila bago pumasok sa Japanese school.

Ang mga estudyanteng nag-aaral dito, mas higit ang mga Pilipino ay nag-eejoy sa dahilang sila ay nagkakaroon ng mga bagong kaibigan na minsan ay nagiging kaklase din nila sa Japanese school kung saan sila magpapatuloy sa kanilang pag-aaral; pangalawa, may nakakausap silang guro na Pilipino na gumagabay at higit na hinihikayat sila na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral sa bansang Japan at ipabatid na dapat unahin at bigyan halaga ang pag-aaral upang makamit ang magandang kinabukasan nang sa gayon ay matulungan ang kanilang pamilya. –Bhenni Igarashi-



Ang mga mag-aaral at guro sa sa loob ng klase ng Niji no Kakehashi. Ang pag-aaral ay ginaganap simula Lunes hanggang Biyernes 1:00 pm~5:00pm. Para sa mga nais magpalista, maaaring tumawag sa Tel. 080-3667-7123.

TFA Pinoy Talk sa Radio Nikkey, nagsimula na!

By Dindo M. Abueg (Trainee LGOTP 2017)

Sa kauna-unahang pagkakataon ay inyo pong mapapakinggan at mapapanuod sa live stream ang programang TFA Pinoy Talk sa Radio Nikkey. Ito ay nagsimula noong Oktubre 16, 2017 sa ganap na 7:30~9:00 pm.

Ang layunin ng prorama ay maipahatid sa mga Pilipino ang mga kaganapan, mahahalagang imormasyon at programa ng City Hall. Maaari din itong magsilbing daan upang mas higit na magkakila-kilalan ang mga Pilipinong naninirahan dito sa lungsod.

Inyo pong makakasama tuwing Lunes ng gabi sina April at Dindo simula alas 7:30 ~ 9:00 ng gabi.

Maaaring i-download ang apps. ng radio nikkey sa inyong iphone o kaya ay I-follow ang Fb page www.facebook.com/RadioNikkey/ o kaya ay i-add ang FB page ng Toyohashi Filipino Association o TFA upang mapakinggan at mapanuod ng live ang mga program dito.

Kaya mga kabayan, kita kits!



Matiyagang tinuturuan ni Ederly Tanabe ang inyong lingkod at si April sa mismong studio ng Radio Nikkey.

The Elephant Rope

As a man was passing the elephants, he suddenly stopped, confused by the fact that these huge creatures were being held by only a small rope tied to their front leg. No chains, no cages. It was obvious that the elephants could, anytime, break away from their bonds but for some reason, they did not.

He saw a trainer nearby and asked why these animals just stood there and made no attempt to get away.

"Well," trainer said, when they were very young and much smaller we use the same size rope to tie them and, at

that age, it's enough to hold them. As they grow up, they are conditioned to believe they cannot break away. They believe the rope can still hold them, so they never try to break free."

The man was amazed. These animals could at any time break free from their bonds but because they believed they couldn't, they were stuck right where they were.

Like the elephants, how many of us go through life hanging onto a belief that we cannot do something, simply because we failed at it once more?

Failure is part of learning; we should never give up the struggle in life.

"They believe the rope can still hold them, so they never try to break free"



Multicultural Society and
International Affairs Division

11th floor East Building, Toyohashi City Hall
Phone: 0532-51-2023

www.city.toyohashi.lg.jp/2679.htm

<https://facebook.com/1484tabunka/>

*Reach out, build connections and
live a happy life in Toyohashi.*

Kung kayo ay may puna o suhestiyon, maaari
nyong i-message sa FB page (private message)
<https://facebook.com/1484tabunka/>

Kung nais nyo din na mag-ambag ng
mga artikulo o istorya, anunsiyo o pag-
bati, maaari nyong ipadala sa tangga-
pan.

Basic Japanese Lesson

 Hello!	久しぶり! Hisashiburi	-	Long time no see!
 Thank you!	みんなありがとう Min'na arigatō	-	Thank you everyone!
 That feels good!	気持ちいいです! Kimochiidesu!	-	That feels good!
 Congratulations!	おめでとう! Omedetō	-	Congratulations
 Good job!	よくやるね! Yoku yaru ne!	-	Good job/ well done!
 I wonder why!	何でだろう Nan de darō	-	I wonder why
 Help me!	たすけてくれ! Tasuketekure	-	Help me!
 Oops!	やっちゃった Yatchatta	-	Oops! (I did it)

Community Board

**Niji no
Kakehashi**

Ang pag-aaral ay gi-
naganap simula Lunes
hanggang Biyernes
1:00 pm~5:00pm. Sa
Toyohashi Shi Higashi
Iwata.

Para sa mga nais
magpalista, maaaring
tumawag sa Tel. 080-

**TFA Pinoy Talk
sa Radio Nikkey**

Ang programa sa radio sa
Toyohashi City para sa mga
Pinoy.

I-download ang application sa
iphone nang Radio Nikkey o sa
website www.radionikkey.jp o
i-follow ang FB page ng Toyoha-
shi Filipino Association (TFA)
para mapakinggan at masubay-
bayan ang radio program para
sa mga Pinoy.

**Tuwing Lunes
mula 7:30 pm ~ 9:00 pm**